# Magasin ng BAGONG Buhay

LINGGO, MARSO 11, 1951




UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
MAR 13 1951





LIFE SISIMULAN BUKAS—MARSO 12




## Ang Pagluluto'y Nakalilibang

ni PURITA

Naito ang nagsipanalo noong isang Linggo:

Upang sumarap ang sinangag, igisa sa kaunting pinitpit na bawang at asin. — Editha Dominguez, Imus, Kabite.

Ang kinayod na buko ay masarap pa sa bihon o mike kung gagawing sopas. — Bb. Zena P. Estela, Northern Zambales Academy, Masuilac, Zambales.

Sa pagliliris ñg balat ñg baboy, busan muna ñg malamig na tubig bago busan ñg mainit. Sa paraang ito'y hindi titigas ang karne.—Gng. Josefina de la Cruz, Kalibo Capiz.

Kung walang arina sa paggawa ñg cake, gumamit ñg anumang uri ñg arina nguni't gawing doble ang ilalagay na "baking powder" at dagdagan ang gatas. Magiging malambot at masarap ang inyong cake na tulad ng gumamit kayo ng tunay na arina. — Bb. Silvina Ricardo, Dumanjug, Sebu.

Huwag maglalagay ng saging sa "refrigerator" upang hindi mag-iba ang kulay at lasa nito. —Gng. Lydia S. Sarmiento, Silay, Occ. Negros.

Ang lansa ñg gurami o dalag ay nababawasan kung ang mga ito'y huhugasan sa hugas-bigas. — Bb. Marcela Tuiming, Suyo Sta. Cruz, Ilokos Sur.


Patuloy na lalaki ang pinitas na kundol kung ito'y pupunasan araw-araw ñg basang basahan. —Gng. Emilia Sobrepena, Carouan, Rosario, La Union.

Idarang muna sa apoy ang dahon ñg saging na gagamiting pambalot sa suman o ano mang uri ñg bibingka upang hindi madaling masira. — Bb. Anita Melad, Tuguegarao, Cagayan.

Ang langka ay masarap na gawing ensalada kung hahaluan ñg gata ñg niyog, katas ñg kalamansi, sibuyas at asin. — Bb. Edita Bonifo, 11 Teka St., Palanan.

Ito ang nagkamit ñg P10.00 Gantimpala ñg Purico: Upang makilala ang karne ñg kalabaw at karne ñg baka, tingnan ang taba. Ang sa baka ay manilaw-nilaw samantalang ang sa kalabaw ay puti.—Trinidad de Solon, (hindi batid ang tirahan).

## Magkaibigan, Nguni't . . .



Nalathala kamakailan sa "The San Francisco Chronicle", San Francisco, California. Buong kasiyahang nakaupo si Stalin sa kanyang tanggapan habang ang kanyang kaibigang si Mao Tse-tung, lider ng mga komunistang intsik, ay siyang hirap na hirap sa pagsasabalikat ng lahat ng gawain bilang pagtalima sa kanyang mga utos.




## "Ang Walanghiyang Kapitalista . . .!"




Nalathala naman sa "The Washington Daily News". Inilalarawan ang reaksiyon ni Stalin sa mga ulat na tumutukoy sa pahayag kamakailan ng Pangulong Truman hinggil sa mga balak sa pagpapalakas ng tanggulan at pananandata ng Estados Unidos





**Nang dumating sa Manduriao, Iloilo ang Pangulong Quirino. Bagama't pumapatak ang ulan ay sinalubong siya ng mga taong bayan na pinangungunahan ng Pangalawang Pangulong Fernando Lopez. Makikitang nagpupugay sa bandila ang Pangulong Quirino, nasa kaliwa si Brig. Hen. Calixto Duque at sa kanan ay sina Ten. Kor. Alfredo Santos at Pang. Pangulong Lopez.**

# Nagtungo Sa Iloilo Ang Pang. Quirino Nang Dumalo Sa Kombensiyon Ng Mga Magtutubo...

ANG taunang kombensiyon ng kalipunan ng magtutubo na idinaos sa lunsod ng Bakolod noong isang linggo ay naging makulay at natigib ng "magagandang pag-asa sa hinaharap". Ang Pangulong Quirino, na dumalo sa naturang kombensiyon, ay nagpahayag ng kanyang pakikipagtulungan sa lahat ng bagay sa mga mag-aasukal at ipinakilala ang kanyang pagtingin sa mga kawal ng bisig nang ipangako niyang lalagdaan ang bill sa hatiang 70-30.

Samantalang nasa Kabisayaan, ang Pangulo ay nagtungo sa lunsod ng Iloilo at nagsalita sa isang malaking pagtitipon ng mga nag-aaral. Naglahad siya ng mga kurukuro hinggil sa kalagayan ng daigdig... nanawagang makipagtulungan ang mga kabataan upang bakahin ang mga "mapanghimagsik na damdamin" na nagbabantang magpadilim sa langit ng bansa... at hininging magsikap ang lahat ng mamamayan na hadlangan at bakahin ang komunismo sa kapuluan...


Makikita sa mga larawan ang ilan sa mga tampok na bahagi ng nabanggit na pagkakataon...








**Magbuhat sa Manduriao Airport ay nagtuloy ang Pangulong Quirino sa tahanan ng Pangalawang Pangulong Lopez. Sa larawan ay makikitang nakikipag-usap siya kay Kongresista Pascual Espinosa, samantalang nakikinig si Gob. Mariano Peñaflorida, ang Pangalawang Pangulo at iba pa.**



**Sa kinahapunan ay dumalo ang Pangulong Quirino sa malaking pamahayag ng mga nag-aaral na idinaos sa bakuran ng mataas na paaralan. Makikita ang Pangulo (naka-barong tagalog) nang mga sandaling nagtatalumpati.. Nasa kaliwa si Kongresista Augurio M. Abeto na siyang tumayong interprite.**

# MGA NARARAPAT GAWIN PAG NASUSUNOG ANG ISANG GUSALI...













**Kagandahang loob ng National Fire Protection Association**

**ANG SUNOG** ay isang sakunang kalimita'y pumuputi ng buhay, bukod sa pumipinsala at tumutupok ng mahahalagang ariarian. Marami sa mga nasasawi sa apoy ang hindi sana humantong sa gayong kapahamakan kung natutong gumawa ng mga nararapat na hakbang at hindi nagpabaya sa pangangalaga sa kanilang kaligtasan.

Kamakailan lamang, sa isang sunog na naganap sa lunsod ay naging abo ang katawan ng dalawang bata pagka't nakulong ng apoy at hindi malaman kung ano ang gagawin dahil sa walang kasamang matanda na sukat manguna sa paghanap ng kaligtasan. Ang gayo'y hindi sana nangyari kung ang mga magulang ng dalawang bata ay di nagpabaya at sa tuwina'y may iniiwang mga tagubiling nararapat gawin ng kanilang mga anak kung dumarating ang gayong sakuna...

Sa kapakanan ng mga taong hindi nakababatid ng mga nararapat gawin sa mga sandali ng pagkasunog ng isang gusali, ay inilalathala rito ang ilang larawang nagpapayo ng mga tumpak na hakbang...

---

**1. Laging humanda sa sunog. Pagpasok sa isang gusali, hanapin ang pinakamalapit na pinto o lagusang madaling daanan sa pagpanaog.**

**2. Tandaan na laging mapanganib ang pananatili sa isang nasusunog na gusali. Kung minsa'y mabilis na lumalaganap ang apoy at nagbubuga ng nakakalasong gas.**

**3. Huwag makipagsapalarang pumasok sa isang nasusunog na gusali upang magligtas ng mga ariarian. Nararapat gawin ito kung magliligtas lamang ng buhay. Pabayaan sa mga bumbero ang gawain sa pag-apula sa apoy.**

**4. Kung magkaroon ng sunog at nagkakagulo ang mga tao sa paglabas sa pangunahing pintuan, lumayo sa karamihan at humanap ng ibang madaraanan. Higit sa lahat, kailangang maging mahinahon!**

**5. Kung sa isang pagkakataon ay kinailangang manatili sa isang nasusunog na gusali, laging alalahaning ang hangin ay malinis at di mapanganib sa malapit sa sahig. Dumapa o gumapang. Kung kinakailangang sumagupa sa usok o apoy upang iligtas ang sarili, pigilin ang paghinga.**

**6. Ang isang pansamantalang kublihan sa apoy ay maaaring maging ligtas sa kabila ng nakapinid na pinto. Kahit ang manipis at tablang pinto ay pansamantalang makahahadlang sa usok at sa nakalalasong gas at maaaring hindi masunog kaagad sa loob ng ilang sandali...**

**7. Huwag kailan man tatalon sa mataas na bintana ng isang natutupok na gusali, maliban kung iyan ang panghuling hakbang na kinakailangang gawin. Maraming tao ang tumalon sa kanilang kamatayan, bagaman ang mga bumbero ay naghahanda na ng mga hagdan upang sila'y iligtas.**

**8. Kung malapnos sa sunog ang alin mang bahagi ng katawan, ipagamot kaagad sa manggagamot.**













PARA SA HIGIT NA PINONG PAGTAKBO NG MAKINA

GUMAMIT NG

**VALVOLINE MOTOR OIL**

IPINAMAMAHAGI NG

**AJAX INTERNATIONAL CORP. CHRONICLE Bldg. TEL. 3-32-37**

# NANG MAGDAAN ANG DALUYONG



## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

(KARUGTONG)

"Ang pananaklaw ng anglo-sahon sa Silangang Asia ay maaaring matunton sa tinalikdang mahabang panahon. Sa loob ng mahabang panahong ito ay gaano ang kataasang inugali nila sa panig na ito ng daigdig? Hindi ko na kailangang sabihin pa sa inyo ang bagay na iyan, sapagka't nalalaman naman ninyong mabuti dahil sa inyong mga karanasan. Naniniwala ako na kaming mga hapones ay makapagpapahalaga ng higit sa alin mang ibang bansa kung paano kayo nagtiis sa pamamahala ng anglo-sahon at makapagdudulot ng lubos na pakikiramay sa inyo, sapagka't bilang isang pangunahin sa Silangang Asia ay matagal nang kami ay nagsusumakit na magahis ang malaganap na paghahari ng anglo-sahon sa Silangan at nang masalunga ang iba't ibang kahirapan sa ikapagiging katotohanan ng 'Asia ukol sa mga Asiatiko.' Ito ang sanhi kung bakit ang unang ministro namin, heneral Tozyo, ay nagpahayag sa Dieta Imperial na, 'kung ang mga pilipino, buhat ngayon ay makauunawa sa tunay na hangarin ng Kaharian ng Hapon at makikipagtulungan sa amin, bilang isang kaanib ng lupalop ng pinaglakip na kasaganaan ng Lalong Malaking Silangang Asia, ay buung katuwaang ipagkakaloob sa kanila ang karangalan ng pagsasarili." Sa ibang salita, kung ang mga pilipino ay naghahangad na matamo ang karangalan ng pagsasarili, ay buong pagsang-ayong dapat silang paliLaim sa pangasiwaang militar hapones na angkin ang lubos na pagkakilala sa tunay na hangarin ng Hapon at sa pagtatakwil sa ano mang bagay na amerikano, ay muling buhayin naman ang katutubong mga katangian ng Pilipinas sa Silangan. Kung magkakasiya na lamang ang mga Pilipino sa paghanap ng karangalan ng pagsasarili nang pinababayaan ang tungkulin nila sa pagsasagawa ng maranga, na misyong kababanggit ko lamang, ay hindi nila mapagsisiyayaan kailanman ang nasabing karangalan; sa katumbalikan nito ay dapat silang pakitunguhang tulad sa lalong masamang kaaway sa pagtatatag ng lupalop ng pinaglakip na kasaganaan ng Lalong Malaking Silangang Asia. May kaugnayan dito, ay sinasabing mayroon pang ilang mamamayan sa bansang ito, na sa malas ay nagkakaroon ng alinlangan kung ipagkakaloob ng Hapon ang pagsasarili ng Pilipinas. Sa bagay na ito ay ibig kong sabihin na iyan ay isang katanungang sa inyo dapat mapaukol

**Pagkakataong kaloob ng Diyos ang digmaan sa Silangang Asia**

"Maging sa ano mang sulok ninyo pag-ukulan ng pag-aaral ang kalagayan ng Pilipinas, maging sa dako ng kulay, heograpiya o ano mang bahagi, sa malas ay walang ibang salungat sa katutubong gawi na di gaya ng pag-asa sa Estados Unidos na gaya noong araw. Dapat ninyong maunawa na upang maligtas ang bansang ito sa gayong kalagayang hindi pangkaraniwan (abnormal) sa pamamagitan ng pagtatakwil sa lahat ng kasamaang umiral dito sa loob ng ilang daang taon, lalo na sa tinalikdang apatnapung taon, at magtatag ng isang bagong maluwalhating Pilipinas, sapagka't ang kasalukuyang digmaan sa Lalong Malaking Silangang Asia ay isang pagkakataong kaloob ng Diyos.

Ang Estados Unidos ay nangakong ipagkakaloob ang malaon nang lunggati ninyong pagsasarili sa 1946, iyan ay apat na taon mula ngayon. Gayon man ay naniniwala ako na kayo ay magulumihanan kung mataimtim ninyong mapag-isip kung paano kayo makatataguyod matapos magsarili. Bakit? Mangyari, kayong nasira sa matatamis na pangungusap at mga pangakong pampalubag-loob ay nabigong makita, sa pamamagitan ng mga tunay na pangyayari, ang magdarayang politika ng Amerika at gayon din ang paghahanda ng inyong mga sarili sa pagsasarili.

Ang Estados Unidos ay nagmamarangyang nagpahayag na banal niyang tungkuling nasasalig sa katauhan, ang pagtulong sa Pilipinas. Gayon man, sa halimbawa ay ano ang ginawa ng Estados Unidos sa kapakanan ng mga pilipino? Tunay na binili ng Estados Unidos sa matataas na halaga ang ilan sa inyong mga kalakal; nguni't bilang kapalit, ay pinilit kayong tanggapin ang mga mahal at mararangyang kalakal amerikano na lubhang mapaminsala sa pagtatatag ng tunay na lakas ng bayang pilipino. Tangi sa rito, ang Estados Unidos ay nagtatag ng mga paaralan sa bansang ito, ngunit pinabayaang sadya ang pagtatatag ng tunay na lakas ng bayang pilipino. Tangi sa rito, ang Estados Unidos ay nagtatag ng mga paaralan sa bansang ito, nguni't pinabayaang sadya ang pagtatatag ng mga paaralang bokasyonal na lubhang kailangan sa ikapag-iibayo ng kalakasang pambansa ng Pilipinas. Sa dakong espiritual ay lubhang maliit ang pagpapahalagang iniukol sa diwa ng tungkuling nangangailangan ng tiyaga at pagpapakasakit; sa halip, ang mga pilipino ay natuto nang pagmamalabis sa sarili at pagpapasarap sa katawan sa pamamagitan ng pagpapasigla sa mga karapatan ng bawa't mamamayan. Sa gayon, ang pulitika ng Estados Unidos sa mga pilipino ay napalarawan sa isang katangi-tanging kulay — ito ay ang kadayaan at kawalang patnubay. Dahil dito, sa halip ng panlabas na pagpapataas ng kalagayan sa pamumuhay sa isang takdang bilang ng mga pilipinong kabilang sa matataas na hanay ay hindi nagkaroon ng kaunlaran o pagkasulong na material sa kalakasang pambansa ang bayang ito sa loob ng nakalipas na dalawampung taon. Nagkakaroon tuloy ako ng paniniwala na ito ang dahilan kung bakit ang ilang mulat na pilipino ay nahihilig na ubos-kayang itaguyod ang kilusan sa pagpapaliban ng pagsasarili samantalang nalalapit na ang maluwalhating 1946. Dapat ninyong matamo ang maliwanag na katotohanan, na ang Pilipinas ay ginawang batong tuntungan ng Estados Unidos sa pagpapalawak ng kapangyarihan niya sa Silangan sa kabila ng magagandang pagsangkalan sa kapakanan ng sangkatauhang ginawa tungkol sa paghahawak sa bansang ito.

**Ipinayo sa lahát ang pag-ibig sa paggawá**

Sa katotohanan ay ninanais ng Hapon, gaya ng niliwanag

sa pahayag ni premiere Tozyo na ang Pilipinas ay gawin, sa pangalan at sa katotohanan, na isang nagsasariling bansa na sa habang panahon ay magsisinaya ng kapayapaan at kaunlaran ng Silangang Asia, bilang kaanib sa lupalop ng pinaglakip na kasaganaan. Sa layuning ito, ay dapat ninyong makilala, gaya ng aking binanggit na, ang tunay na hangarin ng Hapon ay ihandog ang inyong paglilingkod sa lubos na pakikipagtulungan sa amin sa matagumpay na ipagtatapos ng kasalukuyang banal na Digmaan ukol sa maluwalhating pagbabangon ng Silangang Asia sa pangunguna ng Hapon. Matatag akong nananalig na tanging sa paraang ito maaaring mapagibayo ang pagpapalakas ng bayang pilipino at sa ikapagiging katotohanan ng malaon nang lunggatiin ninyo. Hindi lamang dapat kayong magbuhos ng lahat ninyong magagawa sa hanay ng pambansang kabuhayan ninyo sa pagpapalawak at pagpapaunlad ng inyong pagsasaka, komersiyo at industriya at iba pang bagay na tekniko, kundi dapat ding alisin na rito ang pagiging materialismo at hilig sa kalayawan ng anglo-sahon upang mabago ang ayos ng kabuhayan sa pagiging karaniwan at pasiglahin ang 'pag-ibig sa paggawa' sa inyong mga sarili. Ang lahat ng saligáng ito ay lubhang mahalaga sa ikapagiging katotohanan ng lupalop ng pinaglakip na kasaganaan ng Lalong Malaking Silangang Asia at kasabay nito ay iyan ang inaasahan sa inyo ng Hapon sa pagtataguyod ng kasalukuyang digmaan. Ang mga pilipino ay ibinunsod na ng mga hapones sa katangi-tanging gawain sa pagtatatag ng isang bagong Pilipinas. May isang daang angaw na hapones ang ngayon ay nagpaparinig ng martsa sa bagong Pilipinas. Wala kayong titigilin sa paglakad na pasulong sa gawaing ito upang makarating sa katapusang hangarin ninyo sa ilalim ng pangasiwaang militar hapones

**Pawiin ang pamamaraang imperialista ng anglo-sahon**

Lakas-loob na nanandata ang Hapon, itinalaga ang kanyang kapalarang pambansa, sa hangad na maitatag ang lupalop ng Pinaglakip na kasaganaan sa Lalong Malaking Silangang Asia at sa layuning palitan ng bago ang lumang kaayusan sa daigdig. Ang pangwakas na layunin ng kasalukuyang digmaan sa Lalong Malaking Silangang Asia ay ang pagpawi sa pamamaraang imperialista ng anglo-sahon sa mga larangan sa kapamayanán at kabuhayan, at sa kanilang palagay na ismiran ang lahat ng lahing kaiba sa pati na mababa sa kanila, lalo na upang gamitin ang Silangan na kanilang kolonia at ang mga mamamayang silanganin bilang mga tagasunod nila, at sa gayon ay itatag, ang saligan na siyang magpapahintulot upang ng lahat ng mamamayang Silanganin ay magtamasa ng walang katapusang kapayapaan at kasaganaan sa pamamagitan ng kanilang nagkakaisang pananalig at pagtutulungan. Ito ang pinakadiwa ng pinaglakip na lupalop ng kasaganaan sa Lalong Malaking Silangang Asia at gayon din siyang simulain at lunggatiin na patuloy na pinagyayaman ng Imperiong Hapones sapul ng kanilang pagkakatatag. Kaming mga hapones, ay may matigas na pasiya upang maganap ang simulaing ito at sa ano mang pagpapakasakit, at isang matatag na paniniwala na ang pagkakaganap ng simulaing ito ay nasa ating mga palad na. Napanatili ng Hapon na ang kanyang lupain ay huwag madungisan ng alin mang paglusob na dayuhan sapul nang magsimula ang kanyang kasaysayan. Maging nang ang mga kilusang imperialista ng mga bansang Kanluranin ay gumambala sa kapayapaan ng Silangan may isang daang taon na ang nakalilipas, ay matagumpay na ipinagtanggol ng Hapon ang kaluwalhatian ng kanyang kasaysayan, bilang natatangi sa mga mamamayang silanganin sa pamamagitan ng kanyang nagkakaisang pagsisikap at taglay ang dimaigugupong diwa niya sa ilalim ng matalinong pamamatnugot ng dakilang Emperador Meiji. Ngayong ang Hapon ay maging isang bansang kinikilala ng daigdig, siya ay nanandata bilang lider ng mga lahi sa Silangan ukol sa kanilang pagkahango sa pamatok ng mga taga-Kanluran. Dito ay muli kong sinasabi na mayroon kaming ganap na pagtitiwala sa matagumpay na pagkatapos ng kasalukuyang digmaan at sa pagkapawi ng mga kapangyarihang anglo-amerikano sa Silangan. Sa katotohanan, ang mabibilis na tagumpay na nagampanan ng Hapon sapul nang sumiklab ang digmaan sa Lalong Malaking Silangang Asia, ang malubhang katalunang tinanggap ng Estados Unidos at Bretaña, at lalong-lalo na ang lubusang pag-uurong ng kanilang hukbo buhat sa Silangang Asia ay maliliwanag na katunayan at katiyakan ng matagumpay na hinaharap ng Hapon.

Naniniwala sa nakahihigit na dugo ng mga mamamayang silanganin at sapagka't ang inyong dugo ay katulad ng sa amin, wala akong alinlangan na ang araw na inyong matutupad ang inyong lunggatiin ay hindi gaanong magtatagal kung kayo, sa pagkilala sa pangunang kamalian ng anglo-sahonismo, ay papalis sa kanilang mga kapangyarihan noong una, papanumbalikin ang mahahalagang katangian ng isang mamamayang silanganin at lubos ang inyong makakaya at pinag-isang pagsisikap sa ilalim ng ating pangasiwaang militar upang tuparin ang mabigat na pananagutan na binabalikat ng Pilipinas bilang kaanib sa lupalop ng pinaglakip na kasaganaan sa Lalong Malaking Silangang Asia."

Ang mga talumpating ito, na may malaking kahulugan sa kasalukuyang lagay ng Bayan, ay aking sinipi at hindi binago munti man, sa bilang ng "Taliba" noong ika-18 ng Mayo ng 1942.

Hintin nga natin ang katapusan, sa aking palagay, ang huli at katapusang yugto ay mapapataon na sa pagbabalik ng kinasasabikang dumating.

Saka na natin mapapanood ang lalong mainam.

IPAGPATULOY NATIN...

Matagal-tagal na ring hindi ko naipagpapatuloy ang pagsulat ng mga talang ito ukol sa mga nangyayari at ang katotohanan buhat noong ika-24 ng Mayo ng taong itong 1942 na nagtatapos na lamang, ay hindi na ako sumusulat. Ang dahilan ay sapagka't ibang mga bagay na nauukol sa kabuhayan ang aking naharap at saka ang mga pangyayari naman, kung may ipinagbago man sa mga unang naitala ko na, ay masasabing pawang [illegible] sa isang [illegible] gipit na pinagpupumilitang mabagayan ng mga nag-aakalang nasa pagsasayaw ang ikaliligtas sa mga kapanganiban at pagkaligalig ng sarili.

Karaniwan mang mga pangyayaring matatawag ang nasaksihan ng bayan buhat noong Mayo hanggan ngayon, ika-6 ng Disiyembre, na sinusulat ko ang bahaging ito ng aking mga tala, ay nagkakaroon ng matingkad na uri dáhil sa nangangahulugang napapalusong na malalim ang mga nakikisayaw at lalo namang nag-iigting sa isipan ng bayan ang paghihinalang hindi na pakikisayaw ang nangyayari kundi tunay nang pakikitugtog. At ang bayan na hindi natutulog at matiyagang nagbabantay sa kanyang kapakanang ipinangangambang baka tunay nang mahamak, ay gumagawa sa lihim ng paraang mapahanda sa ano mang mangyayari, kaya't sa maraming lalawigan ng Luson at lalo pa sa Kabisayaan, ang nagsisipagkasundo ng lihim upang mamundok at manlaban, ay kumakapal araw-araw. Ang ganitong kilusang, sa pasimula pa lamang ay nakaliligalig na sa mga bagong napapapanginoon na sa mga raw na ito'y nangapilitan nang gumamit ng lakas ng kanilang hukbo upang sugpuin ang kilusan, gaya ng ginawa na sa Iloilo, sa baybaying dagat ng Makabebe, Kapampangan, at sa marami pang pook na hindi na lamang maliwanag na nababalitaan; ay sukat asahang lalong lalaganap at magsisiklab na tila rin malaking siga, sapagka't unti-unting nauunawaan ng marami na sa hinihahingi g tulong ang sukling natatamo ay ang pananatili pa rin ng mahigpit na pagsugpo sa mga kalayaan sa kapamayanan, na siya lamang ikinapapanatag ng mamamayan mag-utos man ay puti, dilaw o kayumanggi. At ang lalo pang nagpapalubha sa nangyayari ay ang paggugumiit naman ng mga ipinadpad lamang dito ng pabagu-bagong kapalaran sa digma ng kanilang palagay, na ang lahat ng kanilang inabot dito, bunga ng ating pakikisamang may mga tatlong daang taong mahigit sa Espana at ng may apat na pung taon naman sa Estados Unidos, na nag-akay sa atin sa panununton sa pagkakapantay-pantay; ay pawang walang-kabuluhan at dapat na baguhin, kaya't pati ng Pilipinas ay tinatawag na nilang "Bagong Pilipinas." Sa pagkaibig na ang lahat ay mabago at malagyan naman ng kanilang sariling tatak upang maturingan marahil na sila'y mga tunay na guro o panginoon sa tinatawag nilang Malaking Asya sa Silangan, dito sa Pilipinas ay ipinipilit nilang makapagturo ngayon hindi lamang ng mga bagong ugali na anila'y lalong agpang, kundi ang lalong kalait-lait na ibig gawin, ay ang pagtuturo raw ng bagong mga kabaitan. Napakasakit

(Buklatin sa pahina 12)

hindi nakatiis ang ilang nagtatanong.

—Eh, ang nilakas-lakas ng paglamon ay siya ring nilakas-lakas ng pagdahak, eh! Nagkansusuka ang tinamanang bagkat! Iyon pala'y kaaway na kaaway ang pang-ulam namin.

—Ah! Kaya pala gayon ang bansag ngayon sa kanya? Gorlong...

Nagkahulan ang mga aso sa likuran... tila nagkagulo.

Napaangat sa pagkakaupo si mang Kanutong Batanggenyo. Matagal na namalaging nakabuka ang mga labi't namilog ang mga mata.

—Ay, anu ba 'iyon? —inisa-isa ni mang Kanuto ang mga kaharap.

—Baka kaya dinadalaw na ng pinutukang kamatayan si Dorong Hika, ah! Wari ko'y doon nagmumula sa malapit kina mang Porong!

Walang kumibo. Patuloy ang panaghoy ng mga aso. Saka, sinundan ng tila sigawan, mga yabag, daing, sagot ng mga aso sa bahay-bahay, pagkakagulo... at paghuhumindig ng magkakaumpok sa barberya ni Berto.

—Masama ito! —bahagyang nangangatal ang tinig ni mang Baste. —Mang Bosyong, mang Kanuto, mang Bagting... buti kaya'y maghiwa-hiwalay na tayo! Duda ako sa pagkakagulong ito!

---

—ANO BA, MANG BOSYONG! Mukhang maaga tayo ngayon, ah!

—Ang lagay e, wala lamang magawa kaya't napaaga tayo! Pero, ang akala ko kagabi'y 'iyon na ang huli nating pagkikita-kita, eh!

--Ako man po, mang Bosyong. —si mang Baste ang sumagot. —Akala ko ri'y kung ano na ang nangyayari! Talagang akala ko'y hindi na ako makatatayo sa panginginig, eh!

Nagsindi ng sigarilyo si mang Bosyong.

—Tingnan mo nga lamang ang suwerte ng tao!

—Talaga po! Sukat ninyong akalaing sa dinami-dami ng bato'y sa alimangong maitim pa nadulas si Akang!

—Eh, bakit nga ba nagkaganuon, mang Bosyong? Hindi ko tuloy napakinggan dahil sa tinamaang bagkat na si Kuwala, e!

—Ganito, mang Baste... ito palang si Akang ay malimit manaog kung gabi at sa batalan pa nagdadaan. Talagang ganuon... napakahigpit kasi nitong si pareng Porong sa anak eh!

—Ano naman ang ginagawa ni Akang at nananaog kung gabi?

Nakikipagtagpo daw, ayon sa sabi, sa binata ni mang Dadong Karne. At kagabi nga'y muling narinig ni Akang ang sipol na **hudyatan**. Nanaog... at nangapa sa dilim! Hindi akalaing ang makapa'y di si Enteng, kundi... —naputol ang pagsasalita ni mang Bosyong sa hagikgikan ng mga katabi.

—Siguro'y saka pa lamang nalaman ni Akang na siya'y nadapa sa **karbon**.

—Ang sabihin mo'y hindi pa rin nalaman pagkatapos!

—Ay, papa'nong nalaman ni Akang na hindi si Enteng ang kaulayaw? —si mang Kanutong Batanggenyo ang nagtanong.

—Eh, nang mahuli na sila ni mang Porong sa akto! Natanglawan ng matanda ang dalawa at halos doon pa'y tagain na ang mga ito! Nguni't nakapamagitan si aling Dorang. Ano pa nga ba ang kanilang magagawa kundi ayusin ang nasira?

--Kaya pala kagabi'y nagkahulan ang mga aso sa kanilang paligid. Siguro'y nagtatalak si mang Porong, ano?

—Magtatalak man ba siya'y ano pa ang mangyayari! Buti ka n'yot sumang-ayon ang binata natin.

—Eh, paanong hindi sasangayon ay nakatipak siya ng husto sa labanang iyon? Ang sabihin ninyo'y talagang malas si Akang!

—Oo, nga, malas ni Akang at suwerte ni Vicente!

At isang tila hindi malalagot na halakhakan ang tumapos sa paguusap ng mga lalaking dinaig pa ang mga babae sa nayong Balakbak. (X)

# Ang Pagtuklas Ng Karunungan

**ni Consoledad Cruz Castro**

**Ano Nga Kaya Ang Mangyayari Sa Daigdig Kung Ang Lahat Ng Tao'y Magpupunyaging Tumuklas Ng Matataas Na Karunungan?**

ISANG TAON nanaman ang matuling lumipas at iya'y isa nanamang gatla sa noo ng daigdig, subali't di tulad ng taong habang tumatanda ay lumilipas naman ang iwing kakisigan at kasiglahan. Ang daigdig ay kabaligtaran ng lahat ng ito, sapagka't habang nararagdagan ang mga taon magbuhat nang ito'y likhain ay lalo namang umuunlad, nagkakakulay at nagiging puno ng buhay. Iyan ang daigdig.

Ang kaniyang di mapigilang pag-unlad ay siya na lamang laman ng mga pang-araw-araw na pahayagan at siyang laging paksa ng usapan sa lipunan saan mang panig ng daigdig na inaabot ng kabihasnan.

Kung paano naging mabilis at matatag ang pag-unlad ng daigdig ay isang katanungang madaling ihanap ng kasagutan, sapagka't lantad sa ating paningin ang walang humpay na pagsisikap at pagpupunyagi ng balana sa pagtuklas ng iba't ibang karunungang maaaring maging ambag nila sa lipunan at sa sangkatauhan. Ang iba't-ibang paralan, unibersidad at kolehiyo ay siyang unang makapagpapatunay sapagka't ang kanilang maluluwang at malalaking pintuan ay parang batis na walang sawang binabalungan ng tubig. Karaniwang tanawin na lamang ngayon ang laksa-laksang nagsisipag-aral na parang mga langgam na walang sawang nagyayao't-dito sa mga paaralan.

Dati-rati, ang mga nakaririwasa lamang ang tumutuklas ng gayo't ganitong karunungan at katangian. At kung may ilan mang mahihirap na nakapagpapatuloy ay parang galo lamang kung baga sa bigas. Subali't ngayon, mayaman at mahirap ay nagkakapantay-pantay na halos kung sa ngalan ng pag-aaral ang tutukuyin. Pati na ng dati-rati'y magsasaka at mangingisda ay nasa sa paaralan na rin at nagsusumigasig na makapagtamo ng karunungan at katangian. Ang kanilang mga pangarap sa buhay ay siya marahil nag-udyok upang iwan ang kanilang binubungkal na lupa at tunguhin itong lunsod upang makipagsapalaran.

Ang bagay na iyan ay mabuti at hindi masama. Subali't sa kabila ng kabutihang iyan ay may isang mapait na katotohanang bagama't nakalantad sa ating pangmasid ay hindi ganoong mapag-ukulan ng pansin. Isang katotohanang nagbabala ng malaking panganib kung hindi natin pag-uukulan ng lunas at mga karapat-dapat na hakbang.

Papaano na kaya tayo maaaring mabuhay kung sa mga darating na araw ay mga "de titulo" nang lahat ang mga tao —wala nang magsasaka, mangingisda at manggagawa? Papano na kaya ang ating mga lupa na siyang balong ng masaganang biyaya sa atin ng Dakilang Lumikha? Papaano pa kaya ito babalungan kung wala nang mga kamay na dati-rati'y siyang nagpapala?

Ang ilan sa ating matatandang magsasaka na ngayon sana'y dapat nang namamahinga sa kanilang mga gawain, ay siya pa ring nagsusumakit na magyaman sa ating mga lupa upang ang mga minamahal nilang bunso ay makapagpatuloy sa pag-aaral. Ang mga gawaing nararapat na sana nilang isalin sa kanilang mga anak ay binabalikat pa rin, na hindi maglalaon ay maaaring siyang maging sanhi ng maagang pagkaputi ng kanilang buhay. Dakila ang kanilang layunin para sa kanilang mga bunso, subali't kadakilaang kayili't ng magiging biyaya at [illegible] laki naman ng malilikhang kapanganyayaan. Sapagka't kung matupad man ang kanilang mithiing makitang nangakatapos sa pagaaral ang kanilang mga bunso at mapikit naman ang kanilang mga mata ay wala na silang sukat mapaghabilinan at mapag-iwanan ng dakilang gawaing kanilang tatalikuran. Sa kanilang pagpanaw ay bayan ang nawalan ng isang matatag na sandigan.

Maaari kayang ang isang "de titulo" ay magbanat pa ng buto at magpatulo ng pawis upang ang lupang tiwangwang ay pagyamanin? Hindi. At kung may ilan man na maaaring tumupad sa ganitong gawain ay isang himalang kaipala'y karapat-dapat sa lalong mataas na paghanga. Sapagka't ang katotohanang kaya sila nagsipagsunog ng kilay ay upang kumita ng salapi at mabuhay nang masagana sa magaang paraan ay isang katibayang hindi na nila nanaisin pang magsunog ng balat sa sikat ng araw, magtiis ng lamig sa patak ng ulan at papanglipakin ang kanilang malalambot na palad upang may makain at ikabuhay sa araw-araw.

Dahil diyan, hindi matututulang di tayo maaaring mabuhay nang lahat ay mayaman, lahat ay may pinagaralan, sapagka't kung magkakagayo'y mailalarawan na natin ang nakalulungkot na kapalarang maaaring sapitin natin sa kinabukasan. Kung lahat na ay mayaman, lahat ay masalapi, 'de titulo," ay walang papayag na palalim pa sa ibang kapasiyahan. Sa gayo'y walang magbubungkal ng lupa, walang huhuli ng isda at walang papasok na manggagawa. Sa ganya'y maaari kaya ta-

yong mabuhay?

Ang magsaka at magbungkal ng lupa ay isang dakilang gawain, isang pagpapakasakit na may sariling dambana sa paghanga ng lahat, kaya't ang ating mga tiwangwang na lupa ay hindi nararapat pabayaan. Kailangan nila ang mga kamay na magpapala, magbubungkal, at magpapabalong ng mga kayamanang inilagak ng kalikasan sa kanilang dibdib. At ang pagbalong na ito ay nasa sa atin, nasa ating mga kabataan na labis na nahuhumaling sa pag-aaral, sa mga kabataang may naghihintay na higit na mahalaga at dakilang tungkulin. Ang magsaka ay isang kadakilaan. At kung ang tawag na ito ng tungkulin ay hindi nila gaanong pag-uukulan ng pansin at walang damdaming matitinag na duminig, ay maaari na nating ilarawan sa ating guniguni ang isang mapanglaw at makulimlim na daigdig sa hinaharap. Isang panibagong daigdig na kabaligtaran ng ating tunay na daigdig sa kasalukuyan.

———oOo———

## Ang Lumang . . .

**(Karugtong ng nasa pahina 7)**

tid sa huling hantungan ang bangkay ni aling Carmen.

Buhat noo'y naging laman na ng lansangan si Bayani. Nagpalabuy-laboy na siya. Kahi't sa mga sandali ng panahalakay ng mga aeroplano ng Amerikano ay makikitang walang sigla siyang naglalakad, marungis ang damit, gusot ang buhok, at nanglalalim ang mga mata. Nasa ganyang katayuan siya nang tumawid sa landas ng kanyang buhay ang kanyang tagapagligtas: si Donya Rosa. At mula nga noon ay napatira na siya sa malaki at magarang tahanan ng matandang mayaman.

Unti-unting nanlabo sa kanyang isipan ang mga gunitaing yaon nang malabasan siya ni Aliw, na nakaupo sa sahig at pigil ng isang kamay ang marurining basahan, sapo ng kaliwang palad ang pisngi samantalang nakalatang ang siko sa may kaliwang tuhod at sa malayo nakatudla ang mga luhaang paningin.

—Aba, bakit, —manghang usisa ni Aliw, —bakit tila umiiyak ka? Nakagalitan ka ba ng Mama?

—Hindi, Aliw, napuwing lamang ako, —pagdadahilan ni-

**(Buklatin sa pahina 17)**

## Nang Magdaan Ang Daluyong

**(Karugtong ng nasa pahina 9)**

damdamin ang ganitong upasala, na ang tunay na kahulugan ay nangabuhay tayo hangga ngayon na walang napagaralan, maging sa sarili at maging sa mga nakasama natin.

Minsan daw ang Diyos ay nagparusa na sa kapalaluan ng tao ng gibain ang torre sa Babel at ang sukdulan nang kapalaluang ito at malaking kapangahasan ng Hapon, ay humihingi na rin ng parusa. Ang parusa ay darating at ang bayang pilipino ay makakatulong sa pagpaparusa.

Sa mga pangyayari ngang ito, ang mahalaga sa aking akala, na sukat mapatala, ay ang sumusunod. Kahapon, ika-5 ng Disiyembre, ay napalagay sa mga pahayagan ang balitang nilansag nang lahat ang mga pangkatin sa politika sa tangka raw na ang pagkakalayo ng mga damdamin ay huwag maging sagabal sa kailangang pagtutulungan ng lahat upang maibunsod ang mga bagong gawaing ikasusulong agad ng bayan. Mabuting tangka sa malas at tila tumutugon sa layong makayari agad ng ano mang ibig gawin, na sa wari ay dinadali-dali sapagka't ipinangangailangan ng isang napakamagahasang hakbang na gaya ng pagsugpong ito sa mga Lapian sa politika, at dapat na purihin at ipagbunyi. Bagama't ang tunay na pangangailangan sa isang bansa ng mga Lapian sa politika ay upang huwag makapagmasagwa at magmalupit ang mga namiminuno, kung kaya't ang mga Lapian, sa isang pamahalaang iniiralan ng pagkakapantay-pantay, ay nanunungkulang taliba ng mga kalayaan ng mamamayan; ay mabuti na nga marahil na paligpitin muna sila at nang ang pagtutulungang gawain ay matapos agad; nguni't kahapon din at sa isang mahal na kaibigang naghahawak ngayon ng isang mataas na katungkulan sa ating mga hukuman, ay nabalitaan kong tunay ngang sinugpo ang mga Lapian datapwa't upang palitan ng isa ring tunay na Lapiang, marahil ay lalo pang malaki sa lahat ng iginiba at ang nakatatawag ng pansin, sapagka't hindi pa maalaman kung sa anong sanhi at dahilan, ay hindi maaaniban ng balana kundi ng mga kawani lamang ng Pamahalaang pinairal dito ng mga padpad.

Tatawagin daw na "Samahan ng mga naglilingkod sa Bayan" at pangunguluhan ni G. Vargas. Pinakapangalawa niya, na siyang magiging tagapagpatupad ng mga layon ng Samahan, ay si G. Benigno Aquino at magkakaroon ng dalawang tanggapang mahahalaga, na ang isa'y ukol sa pagpapalaganap na pamamahalaan ni Benigno Ramos, ang kataas-taasang pinuno ng mga GANAP, at ang ikalawa nama'y ukol sa pag-aayos at pagtatatag, na pamamahalaan ni Pio Duran, tanyag na maka-Hapon. Bukod sa mga taong ito ay magkakaroon din ng tatlong tagapayo na kakatawan sa Luson, Bisaya, at Mindanaw at ang nangapiling bigyan ng ganitong tungkulin ay sina Alfonso Mendoza sa Luson; Oscar Ledesma sa Kabisayaan at Juan Alano sa Mindanaw.

Ang balitang ito ay hindi palipad-hangin lamang. Ang katotohana'y inalis kahapon din sa pagka-Kalihim Panloob si G. Aquino na pinalitan ni G. Jose Laurel at sa mga pahayaga'y napabalita nang si G. Aquino ay bibigyan ng isang katungkulang lalong mahalaga at mataas. At napakataas nga, sapagka't siyang magpapatupad sa mga adhika ng bayang panginoon, na sa pagnanais makapaghari agad nang lubos na lubos, ay di na nangiming agawin sa bayan ang tanging sandatang pananggol sa kanyang mga kalayaang pinag-ubusan ng maraming buhay bago natamo, upang masarili ang paggamit ng sandatang iyan at kasangkapanin pati ang mga inuupahan ng bayan, na saan mang bansa ng sansinukob ay pinagsasakitang huwag malahiran ng dungis ng burak na pinatatalsik ng mga labanan sa politika, sa pagbusog ng kanyang kayamanan. Kulang-palad na bayan itong atin, na bukod sa pinipilit na namang maghari ang abakada, ay tatalian pa ng isang tanikalang kakaladkarin na hanggang kamatayan.

Kung idaragdag sa napapabalitang pagtatayong ito ng pamahalaan na rin ng kanyang Lapiang sarili, ang ginagawa nang

**(Buklatin sa pahina 16)**

# Mga Sukat Masabi

**ni Dionisio Omaña**

ANG PAGPAPARANGAL kay Balagtas ñg mga alagad ñg wika sa nalalapit na ika-2 ñg Abril ay lalong magiging mahalaga kung ang "Panitik Kababaihan," isang samahan ñg mga manunulat na babae, ay magbunsod ñg isang ambagang bayan sa paglikom ñg isang halagang maipagpapatayo ñg bantayog ni Francisco Baltazar sa alin mang hayag na pook dito sa Maynila.

Kung ang ibinunsod ng "Ilaw at Panitik" noong di pa nagkakadigma ukol sa pagpapatayo ñg isang bantayog ni Balagtas ay nabigo dahil sa kakulangan ñg sapat na nalikom, ay maáaring ipagpatuloy ngayon ñg "Panitik Kababaihan" upang maisakatuparan ang magandang layuning iyon sa pagpapadakila sa makata ñg lahi.

Sa palagay ñg sumulat nito ay tutulong ang mga kalalakihang manunulat sa ikapagtatagumpay ng makabayang layuning ito.

Ang matataas na pinuno ñg ating pamahalaan ay hihilingan din ñg tulong sa bagay na ito at dito maipakikilala nila kung may pitak sa kanilang mga puso ang wikang sarili na siyang kaluluwa ñg lahi.

Ang mga babasahing tagalog na nakikinabang sa hanapbuhay na ito na pinagyaman ñg dakilang makata ay hindi sasalang tutulong din at makikiisa sa pagpapasigla sa kilusan alangalang sa pagpaparangal kay Balagtas.

Ang sambayanang nagmamahal sa sariling wika ay maáasahan ding hindi magpapabaya sa pagkakaloob ñg kanilang makakayanang tulong upang maisakatuparan ang pagpapatayo ñg bantayog ni Balagtas.

Ang mga sinehang tagalog, alalaong baga'y ang mga dulaang nagtatanghal ñg mga pelikulang pilipino, gayon din ang mga produktor ñg mga pelikulang tagalog, ay hindi magpapahuli sa pagtulong sa ikatutupad ñg makabayang layuning ito.

Manguna lamang ang "Panitik Kababaihan" ay maáasahan ang tagumpay ñg pagtatayo ñg bantayog kay Balagtas dito sa Maynila.

# SA LIKOD NG PUTING-TABING

nina L. S. MANABAT at E. V. RAÑOLA

Si Cesar Ramirez, ang makisig na lalaking gumaganap ng pangunahing papel na katambal ni Alicia Vergel sa "Bernardo Carpio" ng Sampaguita, ay isang kandidato sa pagka "Mr. Philippines," pambansang timpalak na itinataguyod ng Elpo. Ang madlang magiliwin sa panonood ng pelikulang tagalog ay nahahandang magtaguyod kay Cesar at marami ang umaasang hindi mabibigo ang kanilang mga pagpapagod.

Si Fred Montilla ay may ginagampanan ngayong mahalagang gawain sa radyo bilang pagtugon sa kahilingan ng maraming bahay-kalakal na tagatangkilik ng mga palatuntunan sa radyo at ng maraming tagahanga na nagnanais marinig sa himpapawid ang kanilang kinagigiliwang bituin. Sa pagtatanong ng ilang kakilala kung hindi siya nahihirapan sa "pamamangka sa dalawang ilog" (ang ibig sabihi'y sa pagiging bituin sa tanghalan at sa radyo), ay ganito ang kanyang isinasagot: "Kung sabagay ay may kahirapan nga ang ganyan... nguni't walang kailangan sa akin ang magkagayon man, madulutan ko lamang ng kasiyahan ang mga nakakagiliw sa akin. Ang makita kong sila'y napagbigyan ko sa kanilang kahilingan at pawang natutuwa, ay isa nang gatimpalang nakatitighaw sa aking mga kapagalan."

Ang "Anak ng Pulubi" ng LVN ay isinasapelikula na ngayon ng nabanggit na samahan. Tumutupad ng mga pangunahing papel sina Mila del Sol, Jaime de la Rosa at Evelyn Villar, sa pamamahala ni Tony Arnaldo. Kung magiging panibagong tagumpay ng LVN ang pelikulang ito na pinamamatnugutan ng isang baguhan nguni't "may sinasabing" direktor ay siyang sasagutin sa inyo ng "Anak ng Pulubi". Nguni't ayon sa mga nakakasaksi sa mga "shooting" ng pelikulang ito ay hindi raw marahil mabibigo ang pag-asa ng samahan sa pagtitiwala kay Tony.



Sa mga sandali ng paghihirap ng isang aniklfa ay di nawawalan ng mahabaging kamay na kusang dumaramay, gaya ng pinatutunayan ng tagpong iyan sa "Kadakilaan" ng Premiere na pinamamahalaan ni Consuelo P. Osorio. Tumutupad ng mga pangunahing papel sina Anita Linda at Danilo Montes, katulong sina Patria Plata, Naty Rubi, Oscar Keesce, Ramon D'Salva at marami pang iba.



**Enrique Jarlego**

**Ang pinakabagong direktor ng LVN na may "malaking ipinangangako" sa hinaharap. Kasalukuyang pinamamahalaan niya ang "Talisman".**

Nalalaman ba ninyo na si Tony Arnaldo ay mahal na mahal ni Direktora Susana de Guzman, at halos tila nakakaramdam daw siya ng panibugho kung nakikita niyang ito'y tumititig sa ibang babae? Nalalaman din ba ninyong bagama't si Tony ay isang "malikot na paruparo" noong siya'y binata pa ay ganap nang nagbago ngayon ang lahat sa kanyang buhay at wala siyang pinaguukulan ng pagmamahal kundi si "Nene" lamang? Kung hindi ninyo nalalaman ang mga bagay na iyan, subukan ninyo silang dalawa sa pag-uulayaw sa kanilang magarang tahanan, at saka ninyo mapapatotohanan. Ah, mapalad na magsing-puso!

Ang Italya na siyang pinangyarihan ng kasaysayan ni Santa Cristina ay kaunaunahang mapapanood sa pelikulang tagalog dahil sa pagsisikap ng mga direktor sa "setting" na sina Vedasto at Joe de los Reyes. Tungkol sa pelikulang "Santa Cristina", ipinahayag ni direktor Eduardo de Castro na mahigit na sa 70 porsiyento ng pelikula ang kanyang natatapos, nguni't nahihirapan siya sa natitirang 30 porsiyento, pagka't dito'y kailangang gumawa siya ng isang bagay na hindi pa nagagawa kailan man sa pelikulang sarili. Ito ay ang malaking baha, ang pag-akyat sa lupa ng tubig sa dagat upang lumubog ang buong bayan ng "Tyro" na siyang pinangyarihan ng kasaysayan ng "Santa Cristina".

Ang ikatlong kuwento sa "Aklat Ng Pag-ibig", na naririnig sa DZMB sa palatuntunan ng "Mayon Oil," ay siyang susunod na pamamahalaan ni direktora Consuelo P. Osorio. Nakatakdang itanghal sa unang linggo ng buwan ng Abril, ang "partichela" ng "Kadakilaan" ay tinatapos na sulatin ni direktora Osorio sa loob ng isang linggo. Si Anita Linda at si Danilo Montes, na hindi pa naluluwatang lumagda ng kasunduan sa Premiere, ang magsisiganap sa pangunahing papel.

Sina Jose Padilla, Jr. at Pacita Francisco ay gumaganap ng mga papel na taganayon sa "Dahong Palay" ng Tamaraw Studios, Inc., ang unang handog ng nabanggit na samahan na pinag-uubusan ng kaya upang maging isang natatanging panoorin. Ito'y sinulat at pinamamahalaan ni Felix Villar, isa sa pinakabatang direktor sa ating bansa. Kung sino ang "Dahong Palay" sa pelikulang ito ay siyang pinagsasakitan ngayong mabatid ng marami. Hangga ngayon, ang Tamaraw Studios, Inc. ay naghahanap pa ng isang bagong mukha na gaganap ng isang mahalagang papel sa pelikulang ito — papel ng isang babaing maganda at may matamis na tinig nguni't walang ilaw ang mga paningin.



**Sina Efren Reyes at Patria Plata, sa isang marikit na tagpo sa "Kapitan Bagwis" ng Premiere.**

# "Kapitan Bagwis"

**Isang kaluluwang labis na kinamumuhian at pinag-uusig ng mga kaaway, nguni't minamahal naman ng mga taong nakauunawa sa kanyang makataong layunin at paninindigan... iyan ang kasaysayan ni "Kapitan Bagwis" na malapit nang dumating sa inyong dulaan upang dulutan kayo ng pananabik at kasiyahan. Sa panooring itong lipos ng pag-ibig, paghihiganti at madudugong pangyayari ay kasamang gumaganap ng pangunahing papel si Anita Linda, katulong ang komikong si Lopito at ang lagi ninyong kinamumuhiang si Oscar Keesee.**

**Minsan pang ipinakilala ni Efren na di alangang ikapit sa kanya ang taguring "Ang Kidlat sa Puting-tabing" dahil sa kanyang mahusay at ganap na pagkakadala ng papel sa panooring ito. Samantala, si Anita Linda ay nagpamalas din ng ibayong katangian at higit na kakayahan nang matupad niya nang buong linis ang papel na kanyang ginampanan.**

**Ang "Kapitan Bagwis," sa ilalim ng dalubhasang pagkakapamahala ni Cesar Gallardo, ay maituturing na isa sa mga katangitanging pelikula ng Premiere na nararapat pag-ukulan ng papuri.**





"ART L A R S E N"
Sapatos para sa kampeonato sa tenis



SA LAHAT NG PANGUNAHING TINDAHAN NG SAPATOS AT BAZAR

Maging kayo'y nasa lupa o sa papawirin, malayo ang inyong masasaklaw sa maikling sandali at higit na maginhawa kaysa rati sa pamamagitan ng pinakabago sa mga sapatos na gomang ito.
Ang masarap na pakiramdam na tila kayo "lumalakad sa alapaap" ay matatamo lamang sa pamamagitan ng isang pares na sapatos na gomang "JACINTO'S custom-built — ng pinakamakabagong modelo ng lagi nang paunlad na kabaguhan ng pagawaan!

**Sa sumusunod na mga tanging katangian:**

- Malamig na pang-itaas
- Tanging disenyo
- Tanging laso ng sapatos
- "Cushioned In-step"
- Doble suelas

**Jacinto RUBBER & PLASTICS CO., INC.**

5th Avenue, Grace Park, Caloocan, Rizal
Tel. 2-67-67

## Ang Lumang . . .

(Karugtong ng nasa pahina 12)

ya samantalang kinukusot ng likod ng palad ang mga matang luhaan.

—Siya nga? Tingnan ko nga, —wika naman ni Aliw at pinakasipat-sipat pa ang mukha ng nahihiyang si Bayani.

Madaling itinungo ni Bayani ang kanyang mukha at ikinubli iyon sa kanyang mga palad. Hiyang-hiya siya.

—Aba, e, bakit ayaw mong ipakita ang iyong mata, —natawang usisa ni Aliw. Saka pa lamang napataas ang ulo ni Bayani.

—Umiiyak ka, ano —nakangiting usisa ni Aliw at dagling lumupasay na rin sa sahig at pahalukipkip na minalas si Bayani.

Napatango na lamang si Bayani. Hindi kayang bigkasin ng kanyang mga labi ang mga katotohanan sa harap ni Aliw.

—Kita mo na! Siguro, naaalaala mo ang isa mong kaibigang babae, —ang biro pa ni Aliw at pasulyap na tiningnan si Bayani.

—Nagkakamali ka, Aliw. Sakaling may maalaala man ako sa aking mga kapuwa bata ay walang iba kundi ikaw, —ani Bayani na masaya na ang bukas ng mukha.

Sumilang ang isang matimyas na ngiti sa tila talulot na mga labi ni Aliw at nagsipagningning ang maiitim niyang mga mata.

—E bakit ka umiiyak kangina? Sabihin mo sa akin at baka matulungan kita, —anya pa sa pinalambing na tinig.

Napabuntong-hininga muna si Bayani bago isinalaysay ang kanyang mga pinagdanasang paghihirap sa panahon ng digmaan.

—Kaawaawa ka naman, —ang tanging sukli ng batang babae matapos marinig ang pagsasalaysay. —Bagay nga sa iyo ang iyong pangalan. Isa kang bayani ng iyong ina.

—Lalong bagay naman sa iyo ang iyong pangalan. Kasingganda ng iyong katauhan at talagang nakapagbibigay ng aliw sa sinumang may kalungkutan, —ganting tugon naman ni Bayani.

—A, talagang inaaliw naman kita e, dahil sa hindi ko ibig na makitang ikaw ay may kalungkutan.

—Bakit naman?

—Wala, —kiming tugon at nagtindig na mula sa pagkakalupasay sa makintab na sahig.

—Iligpit mo na ang basahan, magpahinga ka at baka pagudna pagod ka na.

Isang maamong tingin ang iginanti ni Bayani kay Aliw. Pagkatapos ay tuluyan nang tumalikod ang batang babae. Mayamaya'y napahinto sa paglakad at binalikan si Bayani. Paglapit dito'y may iniabot na isang panyolitong kulay rosas.

—Sa iyo na ang panyolitong ito, nang mayroon kang maipamahid ng iyong luha, —parang birong turing ni Aliw.

Hindi nakatanggi si Bayani at hinayaang ang mga mata na lamang niya ang magpahiwatig ng mataos na pasasalamat. Bagama't sila'y mga bata pa at wala pang sapat na kaisipan upang lubos na maunawaan ang tunay na kahulugan ng tinatawag na pag-ibig, ay nadarama na sa kanilang mga murang puso ang mahiwagang kapangyarihan niyon. Kaya't nang makaalis na si Aliw at naiwan si Bayani, ay marahang nadala ang panyolitong iyon sa kanyang mga labi at nilagakan ng isang halik na punung-puno ng kawalang-malay.

Muling nagtagpo ang landas nina Bayani at Aliw nang minsang makita ng huli ang lalaki na matamang nakalupasay sa damuhan at hawak sa isang kamay ang isang papel na malapad at maputi.

—Ano iyang hawak mong iyan, Bayani? —usisa ng babae.

—Ito ang awit na nilikha ng aking ama.

—Saan mo nakuha?


—Sa aming tahanan nang minsang ako'y dumalaw doon. Ito ang matanda nang awit na likha ng aking ama noong siya'y nabubuhay pa.

—Halika't tutugtugin ko sa piyano upang malaman natin

(Buklatin sa pahina 19)



# PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY



**PAHALANG**

1. Kamit
5. Duming kumapit sa balat
10. Ika-3 tenista sa Indiya
14. Bitling
15. Itunghay
16. Pr... (dating Prisco)
17. Alagad ng pananampalataya
18. Bukal, tubo
19. Hati
20. Batong pang-Oktubre
22. Tarak (isang hati)
23. Hintay muna
24. Ang tumatawag ng lolo
26. Panalangin
28. Pamamaga ng panga (kinaltas ang huling titik)
31. ...y (areglado, sa ingles)
33. Yumaong kartonista ng Malabon (palayaw)
34. Manasa-masang lupa (unang tatlong titik)
37. Ilag
39. Pansin
40. Pambansang sayaw ng kastila
42. Pelikulang musikal ng Sampaguita (unang pangalan)
44. Kabuuang pangalan ng sinundan
45. Ipanagot sa utang
46. Taguri sa manggagamot
47. Ku... (ninang ng anak)
48. Panggatong
49. Habag
51. Ina (bigkas ng bata)
53. Tiyo ng Amerika
54. Ang sabi
56. Pulbos sa lata (huling pantig)
58. Ingay ng hakbang
61. Walang bayad (unang pantig)
63. Pangunahing produkto ng bansa
67. Takam
68. Ihalo sa sinaing
70. Mediko legal ng NBI
71. Pusali
72. Alas na...
73. Alinsunod sa utos
74. Biyaya sa halaman
75. Bathala ng mga tula
76. Tisang pangguhit

**PABABA**

1. Bakal na titik
2. Liksi
3. Babaing taga-Mindanaw
4. Kabayong pangarera
5. Pagtitiklop ng manggas (huling pantig)
6. Panaog
7. Lagi sa ...g
8. Re...lo
9. Larong sapalaran (huling pantig)
10. Lakas sa dagat
11. Kalamnang sagana sa bitamina D
12. Sasakyang pangkargamento
13. Opinyon
21. Oo
23. Isang bundok sa matandang Herusalem
25. Base ng EU sa Pasipiko
27. Tilaran ng kahoy
28. Bunganga
29. Pangalang babae
30. Pinagpigan
32. Katagang panimula
34. Mantsa sa mukha
35. Masusing tanong
36. Tawag sa mga imaheng hayop na sinasamba ng mga Indiyan
38. Ama ng republika ng Tsina
41. Tagapangulo ng Krus na Pula
43. Ulilang pook
44. Isda sa lata (huling pantig)
50. Bagay, lapat
52. Salaping hapon
54. Magsasabi ng kasalanan
55. Bibig ng tubo ng tubig
57. Pag-iisip-isip
58. Ilog sa hanggahang Mantsurya-Korea
59. Ugali
60. Musmos
62. Kinamihasnan
64. Lantsang may layag
65. 60 sandali
66. Gaslaw
68. Pang-abay-bilang
69. Kaibigang hayop

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot sa Nakaraan

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| U | P | A | K | | A | G | A | W | I | N | | K | A | L |
| T | A | Y | A | | B | I | N | A | T | A | | A | L | I |
| A | G | A | M | | A | F | A | L | I | T | | S | A | N |
| S | I | N | B | A | D | | S | A | T | | V | I | S | A |
| | | | A | L | I | M | | T | I | P | I | | | |
| I | B | U | L | A | L | A | S | | K | A | L | K | A | L |
| N | A | N | | I | L | A | P | A | | F | L | O | R | A |
| I | W | A | S | | A | G | A | N | A | | A | R | U | Y |
| B | A | L | A | G | | A | R | G | A | W | | E | B | O |
| A | S | I | N | A | N | | K | A | B | A | T | A | A | N |
| | | | A | G | A | P | | T | A | G | A | | | |
| L | U | O | Y | | L | A | T | | N | I | S | N | I | S |
| Q | U | R | | K | U | T | I | N | G | | T | A | B | A |
| I | W | A | | I | H | I | N | G | A | | A | S | I | K |
| S | I | S | | N | A | S | A | A | N | | S | A | G | O |






## Nagsipanalo sa PALAISIPAN noong Pebrero 25

1. *Eusebio Enero* — Bulaklak Bakery, Bauan, Batangas
2. *J. R. Conejos* — 14 9-de Febrero, Mandaluyong, Rizal
3. *Armingol Nanong* — c/o Rañola's Tailoring, Quezon Ave., L. Q.
4. *Justiniano Paguia* — 33 1st Ave., Grace Park, Kal., Rizal
5. *Cayetana M. Aquino* — 215 Batangas, Sta. Cruz, Maynila

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: *PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.*

(Ang mga padalang sagot na wala sa pangalan ng *PALAISIPAN* ay hindi pahahalagahan. • Ang mga nanalo na sa *PALAISIPAN* na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)

## Ang Lumang . . .

ang himig.

Pumailanlang sa papawirin ang nakababalaning himig ng awit habang minamasid nang boong paghanga ni Bayani ang magagandang daliri ni Aliw na naglalaro sa mapuputing teklado ng piyano. Biglang natawag ñg magandang tugtugin ang pansin ni Donya Rosa kaya't napalabas ito buhat sa kanyang silid. Wala namang kamalaymalay ang dalawang nasa harap ñg piyano, lalo na si Aliw na buhus na buhos ang loob sa pagtipa. Sa ikalawang ulit ay inawit ni Aliw ang mga titik. Malungkot ang himig ñg tugtuging iyon, palibhasa'y piniga sa naghihinagpis na puso ñg Inang Pilipinas.

Matapos umawit ay nagulantang sila nang makitang sinusubukan pala sila ni Donya Rosa at ñg ilang utusan.

—Ngayon ko lamang narinig na inawit mo ang tugtuging iyan. Maganda! Ano ang pamagat?—usisa ñg matanda.

—Mutyang Pilipinas, at likha ñg ama ni Bayani Mama.

—Nguni't saan ninyo nakuha ang awit na iyan?

—Natagpuan ko po sa aming bahay nang minsang magtungo ako roon.

Minabuting pag-aralan ni Bayani ang lumang awit upang magsilbing isang alaala man lamang ñg kanyang yumaong ama na hindi niya malaman kung buhay pa at kung ano ang napagsapit sa buhay.

Isang hapon ay waring nalulungkot na nagpapahingalay sa ilalim ñg puno ñg suha si Bayani sapagkat nang tinalikdang gabi ay naging panauhin ñg kanyang pangarap ang kanyang mga magulang. Di kaginsa-ginsa'y umalingawngaw ang malambing na himig ñg lumang awit na iyon. At kasabay niyon ay nakita niyang nagdaraan ang isang matandang lalaking gulanit ang damit at pugot ang kaliwang bisig. Parang dinagukan ang dibdib ñg matandang lalaki nang marinig nito ang malambing na tugtugin. Napahinto at nagpalinga-lingang waring tinitiyak kung saan nagbubuhat ang tugtog. Nguni't hindi siya nagkakamali, sapagka't ang tugtog ay nagmumula sa magarang tahanan nina Aliw at ito ang tumutugtog sa piyano. Marahang lumapit ang matandang lalaki sa pintuang bakal at itinulak ito nang bahagya. Kitang-kita ni Bayani ang bawa't pagkilos ñg matandang lalaki... kaya't nang makapasok na ito'y...

—Bayani.—nulas sa mapuputlang labi ñg matandang lalaki.

—Tatay ko!—tugon ni Bayani at mahigpit na nayapos ang amang di-akalaing buhay pa. Magkahalong lungkot at tuwa ang naghari sa puso ñg magama. Nang mabatid ni Bayani na putol pala ang isang bisig ñg kanyang ama ay lalong nagibayo ang kanyang kalungkutan at lumuluhang napayukyok ang kanyang ulo sa kanang bisig ñg ama na ibig na ring batiin ñg luha ang mga mata.

Napukaw sa gayong anyo ang mag-ama sa biglang pagdating ñg mag-inang sina Donya Rosa at Aliw na sadyang lumabas upang kilalanin kung sino ang matandang lalaking kau-kausap ni Bayani.

—Donya Rosa, dahil sa lumang awit ay natagpuan ko rin sa wakas ang aking ama. Siya po ang maylikha ñg awit na iyon, kaya't nang marinig niya samantalang siya'y nagdaraan dito kangina ay biglang napatigil siya at hinanap ang umawit.

Nagkatinginan na lamang ang mag-ina at walang anu-ano'y kay Bayani naman napadako ang mga mata ni Aliw na nang mga sandaling iyon ay punungpuno ñg kahulugan. (X)



KARAPATDAPAT




Sa "Kapitan Bagwis" na tinatampukan nina Efren Reyes at Anita Linda, si Oscar Keese ay nakikipaglaban alang-alang sa isang dilag—tulad din ng marunong pumili ng mabuting sigarilyo na laging iginigiit ang BUCCANEER VIRGINIA CIGARETTES!







SA KASIYA-SIYANG PAGHITIT!

MAKINIG SA "REMOTE CONTROL BROADCAST" NG NOVENA SA ATING "MOTHER OF PERPETUAL HELP" BUHAT SA SIMBAHAN NG BACLARAN TUWING MIYERKOLES SA GANAP NA IKA-6:00 HANGGANG 6:30 N.G. AT IKA-7:00 HANGGANG 7:30 N.G. SA HIMPILANG DZPI AT "KAPITAN BAGWIS" SA DZFM TUWING SABADO IKA-8:00 HANGGANG IKA-8:30 N.G.